Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

17 Agosto 2025 | Ika-20 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon K

# Pagpili ng Tama



*Sa dami ng mga pamimilian sa ating buhay, nangunguna na ang pagpili sa mabuti o masama . . . . sa Diyos o kasalanan. Kabilang tayong mga Kristiyano sa mga pumili kay Kristo at sa lahat ng kanyang kinakatawa't pinaninindigan.*

*Ang gayong pagpili'y di panandalian – hindi para sa isang saglit o isang araw lamang, kundi pang habang-buhay. Kaya nga, ito ay isang totoong mahigpit at malaking hamon pagka't tuwina tayong natutuksong sumuko na o ipagwalang-bahala ang Mabuting Balita. Nariyan ang tukso sa ating gumaya sa maraming walang gaanong prinsipyong pinanghahawakan at nagkakasiya na lamang sa kung ano ang magaa't madali. Si Hesus kailanma'y di sumunod sa ganyang landas kahit na mangahulugan itong mamamatay siya sa krus. Kung tunay tayong mga alagad, di maaaring maiba ang ating pagpili sa kanyang kapasiyahan.*

*Sa pagdiriwang ng banal na Eukaristiya, hilingin natin sa Panginoon na bigyan tayo ng grasya upang piliin ang tama at panindigan ito.*

## PASIMULA

### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Hari namin ay basbasan 'pagkat siya'y 'yong hinirang. Kahit isang araw lamang kapag nasa iyong bahay daig ang sanlibong araw.** ***(Sal 84:9-10)***

### Pagbati

***P*** **–**Ang biyaya ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo, nawa'y sumainyong lahat.

***B*** **– At sumaiyo rin.**

### Pagsisisi

***P*** **–**Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan, upang maging karapat-dapat sa pagdiriwang ng mga banal na misteryo.

*(Manahimik saglit.)*

***P*** **–**Naparito ka upang papag-alabin ang apoy ng pagmamahal ng Diyos sa lahat. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** **–Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** **–**Naparito ka upang pagningasin ang apoy ng pangkapatirang pagmamahal sa lahat ng tao. Kristo, kaawaan mo kami.

***B*** **–Kristo, kaawaan mo kami.**

***P*** **–**Naparito ka upang labanan ang pagkukunwari at pagbabalik sa mga dating kaugalian. Panginoon, kaawaan mo kami.

***B*** **–Panginoon, kaawaan mo kami.**

***P*** **–** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** **– Amen.**

### Papuri

***B*** **–** Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

**Panalanging Pambungad**

***P***–Ama naming makapangyarihan, lingid sa aming paningin ang mga inihanda mo para sa mga nagmamahal sa iyo. Padaluyin mo sa amin ang agos ng iyong pag-ibig upang sa pagmamahal namin sa iyo nang higit makamtan namin ang iyong mga pangakong di malirip na hindi pa sumasagi sa isip namin o panaginip. Iniluluhog namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** **– Amen.**

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** ***Jer 38:4-6.8-10***

*Sa katapatan niya sa tungkuling magsabi ng totoo, naglaho ang kasikatan ni Jeremias at halos pa niya itong ikamatay. Ngunit walang magagawa ang mga tunay na propeta at Kristiyano, pagkat misyon nila ang manindigan sa katotohanan. Di pababayaan ng Diyos ang tapat na naglilingkod sa Kanya.*

***L*** –Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Jeremias

**Noong mga araw na iyon, sinabi ng mga pinuno sa hari, "Kamahalan, dapat ipapatay si Jeremias. Sa kasasalita niya ay matatakot tuloy ang mga kawal pati ang mga mamamayan. Hindi nakatutulong sa bayan ang taong iyan; manapa'y ibig niyang mapahamak tayong lahat." Kaya't sinabi ni Haring Sedequias, "Kung gayon, gawin ninyo sa kanya ang ibig ninyo; hindi ko kayo mapipigil." Dinakip nila si Jeremias at dinala sa may balon ni Prinsipe Malquias, sa himpilan ng mga bantay. Matapos talian ng lubid, inihulog nila si Jeremias sa balon. Hindi tubig kundi burak ang laman ng balon, kaya lumubog siya sa putik.**

**Pumunta roon si Ebed-melec at sinabi sa hari, "Kamahalan, masama ang ginawa ng mga pinuno; inihulog nila sa balon si Jeremias. Maaaring mamatay siya sa gutom pagkat wala nang pagkain sa lunsod." Iniutos ng hari na magsama si Ebed-melec ng tatlong lalaki at pagtulung-tulungan nilang iahon sa balon si Jeremias at baka mamatay.**

Ang Salita ng Diyos.

***B*** **– Salamat sa Diyos.**

**Salmong Tugunan**

***Salmo 39:2.3.4.18***

***B –Ang pagtulong mo sa amin, Panginoon, ngayo'y gawin!***

*R. M. Velez*




* **Ako ay naghintay sa 'king Panginoon, at dininig niya ang aking pagtaghoy. B.**

* **Sa balong malalim at lubhang maputik, iniahon niya at doo'y inialis. Ligtas na dinala sa malaking bato at naging panatag, taglay na buhay ko. B.**

* **Tinuruan niya ako pagkatapos ng bagong awiting pampuri sa Diyos. Ang bawat makasaksi ay matatakot at sa Poong D'yos magtitiwalang lubos. B.**

* **Mahina man ako at wala nang lakas, ngunit sa isip mo'y di mo kinakatkat; O aking Tagatulong, Tagapagligtas, Panginoong Diyos, h'wag ka nang magluwat! B.**

**Ikalawang Pagbasa** ***Heb 12:1-4***

*Tinupad ni Hesus ang kanyang misyon hanggang sa wakas, kahit na mangahulugan ito ng kamatayan sa krus. Ang kanyang halimbawa ay marapat nating maging inspirasyon, lalo na kung humihingi ng malaking sakripisyo ang pagtupad natin sa ating tungkulin. Tiyak na gagantimpalaan ng Diyos ang ating katapatan.*

***L*** –Pagbasa mula sa Sulat sa mga Hebreo

**Mga kapatid: Yamang naliligid tayo ng makapal na saksi, iwaksi natin ang kasalanan, at ang anumang balakid na pumipigil sa atin, at tayo'y buong tiyagang magpatuloy sa takbuhing nasa ating harapan. Ituon natin ang ating paningin kay Hesus na siyang pinagmulan ng ating pananampalataya, at siya ring nagpapasakdal nito.**

**Dahil sa kagalakang naghihintay sa kanya, hindi niya ikinahiya ang mamatay sa krus, at siya ngayo'y nakaluklok sa kanan ng trono ng Diyos. Isip-isipin ninyo kung gaano ang tiniis niyang paglaban ng mga makasalanan upang hindi kayo manlupaypay o panghinaan ng loob. Hindi pa humahantong sa pagdanak ng inyong dugo ang pakikitunggali ninyo sa kasalanan.**

Ang Salita ng Diyos.

***B*** **– Salamat sa Diyos.**

**Aleluya** ***Jn 10:27***

***B*** **–Aleluya! Aleluya! Ang tinig ko'y pakikinggan ng kabilang sa 'king kawan, ako'y kanilang susundan. Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** ***Lu 12:49-53***

*Ilan sa mga pahayag ni Hesus sa Mabuting Balita ngayon ay maaari nating ikagulat, pagka't karaniwan natin siyang itinuturing na naghahatid ng kapayapaan. At gayon nga siya, nguni't kailanma'y hindi kapalit ng kanyang katapatan sa katotohanan at katuparan ng kanyang misyon.*

***P*** – Sumainyo ang Panginoon.

***B*** **–At sumaiyo rin.**

***P*** –Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

***B*** **– Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: "Naparito ako upang magdala ng apoy sa lupa – at sana'y napagningas na ito! May isang binyag pa na dapat kong tanggapin, at nababagabag ako hangga't hindi natutupad ito! Akala ba ninyo'y pumarito ako upang magdala ng kapayapaan sa lupa? Sinasabi ko sa inyo: hindi kapayapaan kundi pagkakabaha-bahagi.**

**Mula ngayon, ang limang katao sa isang sambahayan ay mababahagi: tatlo laban sa dalawa at dalawa laban sa tatlo. Maglalaban-laban ang ama at ang anak na lalaki, ang ina at ang anak na babae, at gayon din ang biyenang babae, at manugang na babae."**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B*** **–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B*– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.**

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

***P*** –Bilang mga alagad ng Panginoon, nakatalaga tayo sa kung ano ang totoo, tapat, mabuti o kapuri-puri. Sa harap ng maraming kahirapang kaugnay nito, hilingin natin ang tulong ng Panginoon at manalangin:

***B* –Panginoon, gabayan mo kami!**

* Nawa'y manatiling matatag ang Simbahan sa pagpapahayag at pagtatanggol sa katotohanan ng Mabuting Balita sa harap man ng panganib na mawalan ng kaibigan at mga pribilehiyo. Manalangin tayo. ***B.***

* Nawa'y lahat ng ating mga pinuno ay magbigay tuwina ng halimbawa ng tapang sa paninindigan sa katotohanan, katapatan, at katuwiran. Manalangin tayo. ***B.***

* Nawa'y ikintal ng lahat ng magulang, guro, at mamamahayag sa ating kabataan ang tapat na pagpapahalaga sa Kahariang ipinangangaral ni Kristo. Manalangin tayo. ***B.***

* Nawa'y ang ating kabataan ay mahimok na mangakong sumunod sa turo ng Simbahan, nang di napatatangay sa bulong ng mga paganong uri ng pamumuhay sa ating lipunan. Manalangin tayo. ***B.***

***P*** –Panginoong Hesus, maaaring dahil sa katapatan sa iyong mga pagpapahalaga at halimbawa, makabangga namin ang ibang may kasalungat na paninindigan. Bigyan mo kami ng kailangan naming tapang upang tumulad kami sa iyong katapatan at makabahagi sa iyong kaluwalhatian magpakailanman.

***B*– Amen.**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P***– Manalangin kayo . . .

***B*– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

***P***–Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang mga alay upang maganap ang pagpapalitan ng iyong kaloob at ng aming handog sa aming paghahain na iyo na ring ibinigay para kami'y maging marapat na iyong paunlakan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen.**

## Prepasyo III

***P*** –Sumainyo ang Panginoon.

***B* –At sumaiyo rin.**

***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

***B* –Itinaas na namin sa Panginoon.**

***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.

***B* –Marapat na siya ay pasalamatan.**

***P***–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Sa iyong kagandahang-loob kami'y iyong ibinukod upang iyong maitampok sa kadakilaan mong lubos. Kahit na ikaw ay aming tinalikdan dahil sa aming pagkasalawahan, gumawa ka pa rin ng magandang paraang may manguna sa amin para ikaw ay balikan. Kaya't ang iyong minamahal na Anak ay naging isa sa mga taong hamak upang may kapwa kaming makapagligtas sa aming pagkapahamak at pagkaligaw ng landas.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*– Santo, santo, santo Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan.**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan.**

## Pagbubunyi

***B* –Si Kristo'y namatay, si Kristo'y nabuhay, si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon.**

## PAKIKINABANG

***B*– Ama namin. . .**

***P***– Hinihiling namin. . .

***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

## Paanyaya sa Kapayapaan

## Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

## Paanyaya sa Pakikinabang

***P***– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B*– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

## Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang pag-ibig na s'yang dulot ng Panginoong ating D'yos ay matatag lagi't lubos. Siya ay handang tumubos nang may kagandahang-loob.**

***(Sal 84:9-10)***

**Panalangin Pagkapakinabang**

*P* – Ama naming mapagmahal, sa banal na pakikinabang si Kristo ay aming pinagsaluhan. Hinihiling naming kami'y maging katulad niya sa langit pakundangan sa kanyang pagiging aming kaparis bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
*B* – **Amen!**

## PAGWAWAKAS

*P* – Sumainyo ang Panginoon.
*B* – **At sumaiyo rin!**

*P* – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.
*B* – **Amen!**

*P* – Humayo kayo upang mahalin at paglingkuran ang Panginoon nang buong katapatan.
*B* – **Salamat sa Diyos!**






# MAGTAPATAN TAYO!

*Kalakbay at Katoto*

**Puno ng malalim na kahulugan ang mga pagbasa natin ngayon, lalo na ang ebanghelyo.** Kung bibigyang buod natin, may kinalaman ang lahat sa pagiging matatag, sa pagiging matiisin, matibay, at matapang sa pagharap sa anumang uri ng suliranin. Sa biglang wari, mistulang masungit at marahas ang pananalita ng Panginoon. *"Naparito ako upang pagliyabin ang daigdig, at sana nga ay naglalagablab na!"*

Ang salita ng Panginoon ay tila nagpupuyos, nagdadaig, nagliliyab. Mainit ang dating … nakadadarang, tila nakapapaso. Tahasan … tuwiran … walang pasikot-sikot … walang paligoy-ligoy.

Hindi politiko ang Panginoong Hesukristo. Hindi siya bulaan. Hindi siya isang taong ang dila ay sanga-sanga, tulad ng mga politikong ang sinasabi ay hindi mo lubos mapagwari kung ano ang tunay na ibig sabihin at tunay nilang layunin. **Deretso ang kaniyang tingin. Deretso rin ang kaniyang turing. At ang kaniyang mithiin para sa atin ay siya ring alay niyang tuntunin. *"Akala ba ninyo ay naparito ako upang maghatid ng kapayapaan sa lupa?"***

Ano nga ba ang tahasang-tiyak na tinutumbok ng Panginoon? Ano nga ba ang binibigyang-diin niya sa mga pananalitang ito na tigib ng talinghaga?

Una sa lahat, ang kinapapalooban ng ebanghelyo ay kung ano ang binabanggit ng una at ikalawang pagbasa. Sa aklat ni propeta Jeremias, natunghayan natin kung ano ang sinapit ng taong sinugo ng Diyos. Ang kaniyang pagtalima sa paanyaya ng Diyos na mangaral ay nauwi sa dakilang paghihirap. Tinuligsa siya at inusig hanggang sa halos ay mamatay sa gutom sa balon.

**Magtapatan tayo … ito ang tila baga'y sinasaad sa unang pagbasa … ang pagsunod sa Panginoon ay hindi biro … hindi isang laro na ang dulot ay kaaya-ayang buhay na nahihilata sa kasaganaan at kaluwagan.**

Sa Ikalawang Pagbasa naman, lalu pang idiniin ng sulat sa mga Hebreo na ang pagsunod kay Kristo ay isang pagpupunyagi at patuloy na pagtakbo hanggang makamit ang premyo. Ito, aniya, ay tila isang timpalak na may kinalaman sa pagiging matatag, mapunyagi, maporsigue … hanggang sa tagumpay kasama si Kristo.

**Magtapatan tayo … ang daan patungo sa kabanalan ay hindi nalalatagan ng alpombrang malambot.** Ang daan ng kabanalan ay makipot at masikip, at hindi kasya rito ang mga Lamborghini, Ferrari, Porsche at iba pang magagarang sasakyang pilit na ipinupuslit ng mga tampalasang kakutsaba ng mga tao sa gobyerno ng Pilipinas.

Ito ang kinapapalooban ng ebanghelyo na tila ang pananalita ay mabagsik at masungit. Subali't ito ang dapat nating unawaing mabuti. Ang pagsasabi nang matapat, ay pagsasama nang maluwat.

Nararapat natin marahil unawain ang mga salitang ito sa liwanag ng salitang kanto boy: "magtapatan tayo!"


WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

**Magtapatan tayo … ang apoy ay nakadadarang, nakapapaso … hindi tayo isinusugo ni Kristo upang manatiling malamig na parang bangkay.** Ang kristiyano na tumanggap ng turing na kristiyano ay dapat makadarang, makaimpluwensiya ng kultura ng lipunan. Ang hindi nakadadarang ay nanlalamig, nanghihinawa, at nagpapadala sa agos ng lipunan.

**Magtapatan tayo … ang apoy ay nakapagdadalisay**. Ang ginto ay hindi magiging dalisay kung hindi ito idadaan sa apoy na lantayan. Lantay na ginto ang bunga ng init na nakapagdadalisay. Hindi kailanman dadalisay ang ating bayang Pilipino kung ang ating mga dila ay sanga-sanga tulad ng mga bulaang mga politiko at kanilang mga kampon sa larangan ng komersiyo.

**Magtapatan tayo … ang isang pamilyang ang mga kasapi ay panay matatamis na pananalita lamang ang puhunan at hindi naninindigan sa wasto at tama ay hindi lalago, hindi uunlad, hindi aangat.** Maiiwan sila sa antas ng bolahan, panlilinlang, at pagbabalatkayo. Hindi makalalayo ang panay lamang ang ngiti at kindat sa buhay. Kung ang mali at taliwas at tiwali ay kikindatan at ngingitian lamang natin, hindi uusad ang ating mithiin … hindi aangat ang ating lipunan. Kung ang isang magulang, sa ngalan ng kabaitan at pagbibigay-layaw sa anak, ay magbubulag-bulagan, kahit na ang ginagawa ng anak ay hindi ayon sa kagustuhan ng Diyos, ang kanyang kilos ay walang init, walang hatid na pandadarang, ngunit wala ring buhay … malamig pa sa bangkay!

Nagpupuyos ang aking damdamin sa dami ng katiwalian sa ating bayan. Nag-iinit kung minsan ang aking kalooban. Ang pag-iinit na ito ay hindi lamang galit na walang patutunguhan. Ito ay apoy na mapagdalisay, init na nandadarang, init na nagtutulak sa ating lahat upang gumawa nang kung ano ang ating kayang gawin.

**Magtapatan tayo … nang tayo ay kumpilan, dinarang tayo ng mga kaloob ng Espiritu Santo … Nasaan na ang apoy na ito?** Nasaan na ang init ng iyong pagpupunyagi? Saan na natin ikinubli ang apoy na dapat sana ay nagliliyab at naglalagablab na sa ating lipunan?

**Magtapatan tayo … ang nagsasabi nang matapat ay nagsasama nang maluwat.**

